

Tony Thurmond

for State Superintendent of
Public Instruction

Sa aking buhay, ang edukasyon ay naging mahusay na pambalanse na nakatulong sa akin na mapagtagumpayan ang mga mapagpakumbabang simulain. Nais ko ang parehong mga oportunidad para sa lahat ng bata sa California.

Ang aking ina ay isang imigrante mula sa Panama na nagtungo sa San Jose, California, upang maging isang guro. Ang aking ama ay isang sundalong hindi na nakabalik sa aming pamilya pagkatapos ng Digmaang Vietnam. Nakilala ko siya sa unang pagkakataon noong nasa hustong gulang na ako. Nang mamatay ang aking ina noong 6 na taong gulang pa lang ako, kinupkop ako ng isang pinsang hindi ko pa nakikilala hanggang sa nagpakita ako sa kanyang pintuan. Nagsumikap kami, at umasa sa mga programa ng tulong sa publiko upang makawala sa kahirapan, ngunit tiniyak ng kahanga-hangang babaeng ito na nagpalaki sa akin na magkaroon ako ng magandang edukasyon sa pampublikong paaralan. Nakapag-aral ako sa kolehiyo dahil sa aking edukasyon, na kung saan naging presidente ako ng student body, at naging isang social worker at nagtrabaho sa mga paaralan sa loob ng 12 taon.

Ngayon bilang mambabatas ng estado ng California, ang pagpapabuti at pagdagdag ng pagpopondo para sa edukasyon ay ang aking pangunahing prayoridad. Ang mga batas na ipinatupad ko ay naglipat sa milyon-milyon mula sa mga bilanguan patungo sa mga paaralan, nagpalawak ng bilingguwal na edukasyon at early education, siniguro na ang mga kabataang wala nang pamilya ay makakatanggap ng scholarship sa kolehiyo, ginarantiya na ang mga batang di-dokumentado ay makakatanggap ng pangangalagang pangkalusugan, at nagbigay ng access sa programa ng libreng tanghalian para sa higit sa 400,000 mag-aaral. Bilang Chairman ng Assembly Select Committee on Science, Technology, Engineering, and Math Education, dinagdagan ko ang pagpopondo para sa career technical education and curriculum upang ihanda ang mga mag-aaral para sa mga trabaho ng ika-21 siglo.

Ika-5 sa pinakamayamang ekonomiya sa buong mundo ang California, gayunpaman tayo ay nasa pinakailalim na 10 sa pagpopondo ng bawat estudyante sa bansa. Kung ako ay iboboto ninyo bilang Superintendent of Public Instruction, ang aking magiging pangunahing prayoridad ay ang pagdadadagdag ng pagpopondo para sa pampublikong edukasyon upang ang ating mga pampublikong paaralan ay maging pinakamahuhusay sa buong bansa.

Kasama sa aking planong gawing #1 ang mga pampublikong paaralan ng California sa buong bansa ay ang:

- Pagpapanatiling ligtas sa ating mga estudyante mula sa karahasan ng baril sa mga paaralan
- Nangunguna sa paglaban sa mga pagsisikap nina Donald Trump at Betsy DeVos na gawing pribado ang sistema ng pampublikong edukasyon
- Pagtaas ng transparency sa pagpopondo ng pampublikong edukasyon at pagtiyak ng pananagutan para sa mga charter school
- Pagsuporta sa paglikha ng kurikulum sa ika-21 Siglo na nakatuon sa edukasyong STEM na maghahanda sa ating mga mag-aaral para sa mga trabaho sa hinaharap
- Pagsuporta sa Mga Nag-aaral ng Ingles at bilingguwal na edukasyon
- Pag-renew ng ating pangako sa espesyal na edukasyon para sa lahat ng mga mag-aaral anuman ang kakayahan ng mga ito
- Paglikha ng mga inclusive school na nagpoprotekta sa mga mag-aaral na LGBTQ mula sa bullying
- Pagtaas ng sahod ng mga guro at pagsasanay sa kanila upang maituro ang kritikal na pag-iisip at pagkamalikhain sa mga mag-aaral, at hindi lang nagtuturo upang makapagbigay ng pagsusulit
- Pagbibigay ng prayoridad sa early education at mga programang after-school upang isara ang achievement gap
- Pagbibigay ng mga serbisyo sa pisikal at pangkaisipan na pangkalusugan sa mga paaralan para sa lahat ng mag-aaral
- Ang pagtiyak na ang kolehiyo at mga career pathway ay naa-access at abot-kaya para sa bawat mag-aaral
- Pagpapanatili sa mga bata sa loob ng paaralan at sa labas ng sistema ng hustisyang kriminal

Ikinararantal kong maendorso nina Senator Kamala Harris, House Minority Leader Nancy Pelosi, civil rights icon Dolores Huerta, Chairman ng California Legislative Asian Pacific Islander Caucus Assemblyman Rob Bonta, ng California Democratic Party, at ng mga guro, nars, at bombero ng California. Umaasa akong makukuha ko ang inyong mga boto para sa State Superintendent of Public Instruction ngayong Nobyembre.